


Kuwento ni
Genaro R. Gojo Cruz

# Ipapasyal Namin si Lolo

## We're Taking Grandpa on a Trip

Guhit ni
Arvi Fetalvero

Ngayong araw, ipapasyal namin si Lolo Juanito. Ito ang unang beses na ipapasyal namin siya. Ngayon lang din kasi di abalá si Tatay.

Maraming taon na ring nakatira sa aming bahay si Lolo, mula noong ipinanganak akó hanggang ngayong Grade 4 na akó.





Noong di pa ako nag-aaral, si Lolo ang aking kasáma sa bahay. Lahat ng laruang-papel, itinuturo niya sa akin kung paanong gawin.

Bangkang-papel.
Eroplanong-papel.
Bolang-papel.
Sombrerong papel.
Ibong-papel.
Tipaklong na papel.
Pati bayong na papel.





Dati, kilala pa ako ni Lolo. Tinatawag pa niya ako sa aking pangalan na Haru. Akó yata ang kaisa-isang apó niya sa kaniyang kaisa-isang anak, si Tatay.  Kayâ tatlo kaming tig-iisa sa loob ng aming bahay.

Si Lolo, nag-iisang anak.

Si Tatay na nag-iisang anak ni Lolo.

Akó, nag-iisang anak ni Tatay.



“Haru, wala ka bang nakalimutan?” tanong ni Tatay.

“Malayo ang ating papasyalan. Magdala ka na rin ng tubig para sa ating tatlo,” dugtong niya.

Maraming bag ang inilagay ni Tatay sa likuran ng aming asul na kotse.

“‘Tay, sa’n natin ipapasyal si Lolo?” tanong ko kay Tatay.

“Malalaman mo na mamaya,” sagot niya.


Pagkaandar na pagkaandar ng kotse, nagsimula na rin ang mahabang-mahabang kuwento ni Lolo. Násа tabi siya ni Tatay, akó naman, nása likod. Nagsimula uli ang kuwento ni Lolo sa "noong panahon ng giyera."

"Noong panahon ng giyera, nag-iba ang búhay naming mga batà. Kay daming hindi na namin kaagad maaaring magawa," simula ni Lolo.





"Tuwang-tuwa kaming masilayan sa kalangitan ang mga dambuhalang ibon! Hindi namin mabilang. Nagtatatalón kami sa katuwaan dahil sa tanang búhay namin, noon lámang kami nakakíta ng ganoon kalalaking ibon. Pero nakamamatay palá ang ipot ng mga ibong iyon, sumasabog! Eroplanong pandigma palá iyon ng mga Hapón. Biglang-bigla, hindi na kami puwedeng maglaro. Sandali, naalala kong bigla si Luis, na aking kasáma at naging kaibigan sa matagal na panahon. Kumusta na kayâ siya?" dugtong niya.



“Sa bawat ipot na ibinabagsak ng mga ibon, may sumasabog at nasusunog. Nabagsakan ng ipot ang aming Gabaldon sa eskuwelahan. Ang mahal kong aklatan, nasunog! Biglang-bigla, hindi na kami puwedeng pumasok sa eskuwelahan! Halos tatlong taon iyong hindi kami nag-eeskuwela,” kuwento ni Lolo habang lumilinga-linga sa aming dinaraanan.

“Ito ang aming Gabaldon!” sabay-turo sa isang lumang gusali ng paaralang nadaanan namin.


“‘Tay, malayo pa ang San Rafael,” singit ni Tatay.

“San Rafael? Madalas ko iyong marinig sa mga kuwento ni Lolo. Sa San Rafael palá namin ipapasyal si Lolo,” naisip ko.

May nadaanan kaming lumang tulay.

“Ito ang lumang tulay sa San Rafael. Pinasabog ito ng mga Hapón. Biglang-bigla, hindi na kami makapaligo at makapagpaagos ng mga bangkang-papel sa sapa. Hindi na nakapanghuhuli ng tipaklong sa kagubatan,” patuloy ni Lolo.





May nadaanan kaming lumang simbahan.

“Dito ako bininyagan. Naging garison ito ng mga Hapón. Kayâ biglang-bigla, hindi na kami nakapagsisimba noon dahil sa matinding pangamba. Lagi akong umiiyak noon, idinarasal kong matapos na sana ang giyera,” humina ang boses ni Lolo.

May nadaanan din kaming lumang plaza.

“Dito kami nanonood noon ng bodabil ni Luis kasáma ang iba pang mga batà.  Pero binomba at winasak ito ng mga Hapón.  Biglang-bigla, nawalan ng kinang ang tanghálan.  Naglaho ang malakas na halakhakan ng mga tao,” nabúhay muli ang boses ni Lolo.

“Pero nakilala ko ang isang mabait na sundalong Hapón sa San Rafael, si Daisuke. Umibig siya sa isang babaeng Filipina. Nagsilbing tulay akó sa kanilang lihim na pag-iibigan. Bílang pasasalamat, ibinigay niya sa akin ang isang sombrerong pandigma. Pinangalanan niya akóng Fumiko o batàng kaibigan. Nasaan na ba ang sombrerong iyon?” usisa ni Lolo.





"Nang matapos ang giyera, maraming natuwa sa pag-alis ng mga Hapón. Pero akó'y nalungkot dahil umalis na rin ang aking naging kaibigang Hapón. Pero hindi ko akalaing ang naiwan niyang anak sa babaeng Filipina ang aking iibigin at mapapangasawa pagláon. Labis lámang ang aking panghihinayang, sumakabilang-búhay nang maaga ang aking Izumi," huminang muli ang boses ni Lolo.

Si Izumi ang aking Lola, nanay ni Tatay.  Di ko na naabutan si Lola Izumi.

“Anak, malapit na táyo,” paalala ni Tatay.

Napansin ko ang mga lumang bahay na aming dinaraanan. Ito na tiyak ang San Rafael, ang lugar na kinakalakihan nina Lolo at Tatay. Para akong bumalik sa panahon ni Lolo.





Bumusina si Tatay sa isang malaki at kalawanging *gate*. Mayâ-mayâ, binuksan ang *gate* ng isang laláki na parang lolo na rin. Nakita ko ang isang malawak na hardin.

"Dito ko tinuturuang gumawa ng mga laruang-papel ang aking Ichiro, ang aking nag-iisang anak na laláki. Kailangang mahawian ang sukal at mataniman ng mga bagong halaman ang harding ito," parang biglang lumakas si Lolo. Ichiro ang tawag ni Lolo kay Tatay.

"Luis, ikaw ba iyan?" tanong ni Lolo sa laláking lumapit sa kaniya. Nagyakap at nagtapikan sila ng mga balikat. Nakilala ko na rin si Luis, ang kaibigan at laging kasáma sa mahabang kuwento ni Lolo. Sa tingin ko, nadagdagan pang lalo ang lakas ni Lolo.



Pumasok kami sa lumang bahay.

Lumapit si Tatay sa akin.

"Haru, iiwan na muna natin ang Lolo mo sa lumang bahay na ito. Kailangang may magbantay at mag-alaga sa kaniya. Delikado na siyang iwan sa ating bahay. May trabaho akó at nag-aaral ka. Marami na siyang nakalilimutan, 'ni hindi na niya táyo nakikilala, kahit ang ating mga pangalan," sabi ni Tatay.

"Iiwan natin si Lolo sa bahay na ito?"

"Oo, anak. Kilala mo ang iyong Lolo. Gusto niyang laging may ginagawa, gusto niyang nababantayan ang lumang bahay na ito, gusto niyang nakikita ang mga lumang gamit dito, gusto niyang nagtatanim, gusto niyang makipagkuwentuhan sa kaniyang kapanahon. Di natin maibibigay ang mga gusto niyang ito sa ating maliit na bahay sa Maynila," paliwanag ni Tatay.





Biglang nagsalita si Lolo.

"Heto ang isang pintura. Ang batàng may-hawak na puláng-lobo ay si Izumi kasáma ang kaniyang ina. Halika kayo! Siya si Izumi ang anak ng kaibigan kong Hapón na si Daisuke. Siya ang aking napangasawa. Nagkaroon kami ng Ichiro."

Napalingon kami ni Tatay sa kinaroroonan ni Lolo. At suot na niya ang sombrerong pang-Hapón.

"Iiwan muna natin ang Lolo mo. Kapag magaling na magaling na siya, isasáma natin uli siya sa Maynila. Si Tiyo Luis muna ang mag-aalaga sa iyong Lolo," dugtong ni Tatay.

Lumapit ako kay Lolo para magpaalam.

"'Lo, aalis muna kami, pero babalik din kami," sabi ko.

"Ikaw ba si Haru ang nag-iisa kong apó?" tanong niya.

"Opo 'Lo, ako si Haru. Babalik kaming muli kapag walang trabaho si Tatay," sagot ko.

Mahigpit na yakap ang ibinigay ko kay Lolo.  Nakilala na niya uli ako.





Napakalayo palá ng San Rafael!  Di ko ito naramdaman nang papunta pa lang kami. Nakapagpapaikli palá ng biyahe ang mga kuwento ni Lolo.

"Haru, babalik táyo sa San Rafael tuwing Sabado para dalawin ang Lolo mo," sabi ni Tatay.


"At tuwing Linggo, pangako kong lilibutin natin ang buong San Rafael. Abá, marami rin akong kuwento noong batà na tiyak na magugustuhan mo!" pangako ni Tatay.


Gusto ko na agad na dumating ang Sabado at Linggo!

Gusto kong makilala si Tatay noong batà siya.

Gusto kong maláman ang kuwento ng San Rafael!

At higit sa lahat, gusto kong dalawin ang mahal kong Lolo, si Lolo Juanito!





Si GENARO R. GOJO CRUZ ay ipinanganak sa Balut, Tondo, Maynila ngunit lumaki sa Pastol, Muzon, San Jose del Monte City, Bulacan. Ang *Ipapasyal Namin Si Lolo* ang kaniyang ikalawang aklat para sa mga batà na inilathala ng Center for Art, New Ventures & Sustainable Development (CANVAS). May-akda siya ng mahigit 70 aklat para sa mga batà. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng sining, panitikan at malikhaing pagsulat sa Literature Department ng De La Salle University-Manila. Maaari siyang sulátan sa *bayanghikahos@gmail.com.*

---

Si ARVI FETALVERO ay nagtapos mula sa Asia Pacific College School of Multimedia Arts. Siya ay isang artistang biswal. Ang kanyang sining ay binubuo ng mga pinta gamit ang oleo ó *acrylic*, mga lilok na gamit ang *resin* sa tela at mga piyesang *installation.* Ang kaniyang mga gawa ay sumasalamin sa kanyang mga personal na karanasan, at kung paano ito maiuugnay sa konsepto ng espasyo, dualidad at panahon.

1 million BOOKS

for One Million Filipino Children

*an art for development project of www.canvas.ph

CANVAS' **1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign** aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.


*A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child who will learn independently, envision a brighter future, and ultimately lead a productive and meaningful life.*

You can help us!
For more information, visit www.canvas.ph,
email **info@canvas.ph**, or find us on Facebook: **Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.


---

***CANVAS****, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.*


# More books from CANVAS





**ELIAS AND HIS TREES**
Adapted from *"The Man Who Planted Trees" by Jean Giono*
Adaptation by Augie Rivera
Art by Romeo Forbes





**ANG BATANG MARAMING BAWAL**
Story by Fernando Rosal Gonzalez
Art by Rodel Tapaya





**SI LUPITO AT ANG BARRIO SIRKERO**
Story by Rowald Almazar
Art by José John Santos III





**THE ROCKING HORSE**
Story by Becky Bravo
Art by Elmer Borlongan





**ANG DYIP NI MANG TOMAS**
Story by Genaro Gojo Cruz
Art by Anthony Palomo





**EARTH TALES: 3 ECO-FABLES FOR CHILDREN**
*"The King and the Royal Trees"*
by Paul Aird
Art by Ivee Olivares-Mellor
*"The Hummingbird"*
Art by Plet Bolipata
*"The Star Thrower"*
Art by Liza Flores





**THE BOY WHO TOUCHED HEAVEN**
Story by Iris Gem Li
Art by Sergio Bumatay III





**SOL: A LEGEND ABOUT THE SUN**
Story by Agay Llanera
Art by Farley del Rosario





**TAHAN NA, TAHANAN**
Story by
Maria Isabel Alarilla-Arellano
Art by Don M. Salubayba





**MESSAGE IN THE SAND**
Story by Charmaine Aserappa
Artworks by Roel Obemio





**RIZALPABETO**
Poems by Vim Nadera
Art by Elmer Borlongan





**DOLL EYES**
Story by Eline Santos
Artworks by Joy Mallari





**THE CAT & THE BAT AND OTHER FABLES**
Adapted by Rhandee Garlitos
Art by Elmer Borlongan





**THE TRIANGLE MAN AND THE FLIGHTLESS DIWATA**
Story by Kate Osias
Artworks by Dex Fernandez





**NADIA AND THE BLUE STARS**
Story by
Francesca Nicole Chan Torres
Art by Liv Romualdez Vinluan





**A FISH TALE**
Story by Becky Bravo
Art by Daniel dela Cruz




**HERE BE DRAGONS**
Story by
Victor Fernando R. Ocampo
Artworks by Jon Jaylo





**MY BIG SISTER CAN SEE DRAGONS**
Story by Rocky Sanchez Tirona
Artworks by Liza Flores





**INANG KALIKASAN'S BAD HAIR DAY**
Story by Recle Etino Vibal
Artworks by John Paul Antido




**BENCAB'S ACTIVITY BOOK FOR CHILDREN**
Activities written by Karen Joy Desamparado-Foronda
Art by Benedicto Cabrera




**PANYÁAN: THREE TALES OF THE TAGBANUA**
Stories by Rhandee Garlitos
and Annette Ferrer
Art by Sergio Bumatay III





**PANYÁAN: THREE TALES OF THE TAGBANUA**
Edited by Annette Ferrer
Art by various artists





**KARAPAT DAPAT**
Written by May Tobias-Papa
Art by I.N.K.




**RENATO BARJA'S CHILDREN'S STORIES**
Stories by Daniel Palma
and Gigo Alampay
Art by Renato Barja




**ANG AKLATANG PUSA**
Story by Eugene Evasco
Art by Jared Yokte




**MAMITA'S GARDEN**
Art by Pam Yan-Santos
Text by Nicolas Gabriel Garcia

"Haru, wala ka bang nakalimutan?"
tanong ni Tatay.
"Malayo ang ating papasyalan.
Magdala ka na rin ng tubig
para sa ating tatlo," dugtong niya.

Maraming bag ang inilagay ni Tatay
sa likuran ng aming asul na kotse.

"'Tay, sa'n natin ipapasyal si Lolo?"
tanong ko kay Tatay.
"Malalaman mo na mamaya," sagot niya.

---

CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community
to promote children's literacy, explore national identity,
and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.

For more information, please visit **www.canvas.ph**
follow us at **www.facebook.com/canvas.ph** or email **info@canvas.ph**.

**www.canvas.ph**
creative possibilities. open conversations. meaningful change.

**CANVAS Stories.**
Real Life Told Beautifully.

ISBN 978-971-9689-10-2
9 789719 689102